IJARSCT

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

ISSN: 2581-9429

Volume 5, Issue 1, July 2025

Impact Factor: 7.67

# Pagsusuring Pangnilalaman Sa Koleksiyon Ng Mga Panulaang Nagwagi Sa Don Carlos Palanca Award Taong 1961-2020

**Espaldon, Maricar L., Escultor, Gemma R.**

Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract:** *Tinutukoy ng pag-aaral na ito ang pagsusuring pangnilalaman sa koleksiyon ng mga tulang nagwagi sa Don Carlos Palanca Memorial Awards mula taong 1961 hanggang 2020. Layunin ng pananaliksik na matukoy at suriin ang mga mahahalagang elementong pampanitikan ng mga piling tula, partikular sa sukat at tugma, saknong, talinghaga, persona, tema, at tono. Sa pamamagitan nito, mas nauunawaan ang direksyon at pag-unlad ng panulaang Filipino sa loob ng mahigit limang dekada. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong pamamaraan at panayam upang makakalap ng karagdagang impormasyon. Dalawang eksperto sa larangan ng panitikan ang nagsilbing tagapayo at balidator ng pagsusuri: sina Gng. Gemma R. Escultor at G. Denzel Mark A. Ciruela. Ang kanilang pananaw ay naging mahalaga sa pagbibigay-lalim sa pagsusuri ng mga tula. Ang resulta ng pananaliksik ay nagpapakita ng pag-usbong ng mga temang umiikot sa personal na karanasan, kahirapan, at panlipunang isyu. Napatunayan na ang mga tulang Palanca ay hindi lamang malikhaing likha kundi salamin ng kasaysayan at damdamin ng sambayanang Filipino. Bilang produkto ng pananaliksik, nabuo ang isang booklet na maaaring magsilbing tulong sa pagtuturo at pagpapalaganap ng panitikang Filipino.*

**Keywords**: Panulaan, Palanca Awards, Makata, Tema, Panitikang Filipino

## I. INTRODUCTION

Ang panulaan ay nagsisilbing salamin ng lipunan, tagapag-ingat ng kasaysayan, at tagapagdala ng damdamin, kaisipan, at paninindigan ng sambayanan. Sa larangan ng panitikan, ang tula ay isang makapangyarihang anyo ng malikhaing pagpapahayag na tumatagos sa puso't isipan ng mambabasa. Sa Pilipinas, ang Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, na itinatag noong 1950, ay itinuturing na pinakaprestihiyosong patimpalak pampanitikan. Mula nang itatag ito noong 1950, layunin nitong itaguyod ang kahusayan sa panitikan at kilalanin ang mga natatanging manunulat sa iba't ibang anyo ng malikhaing pagsulat.

Bagamat maraming akdang pampanitikan ang nailathala at ginawaran ng Palanca Awards, kakaunti ang mga pananaliksik na nagsagawa ng komprehensibong pagsusuring pangnilalaman sa mga tulang ito. Kadalasan, ang mga pag-aaral ay limitado sa isang makata, isang tula, o iilang taon lamang.Dahil dito, layunin ng pananaliksik na ito na magsagawa ng pagsusuring pangnilalaman sa mga piling panulaang nagwagi sa Palanca Awards mula 1961 hanggang 2020. Susuriin sa pag-aaral na ito ang mga elementong napili ito ay sukat, tugma, saknong, talinghaga, persona, tema, at tono. Sa paggamit ng mga teoryang pampanitikan gaya ng Historikal-Sosyolohikal at Pormalismo ay layunin ng pananaliksik na makapagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng mga tulang ito bilang bahagi ng pambansang identidad at kasaysayan.

Ayon kay Coleridge (2020), ang panulaan noon at ngayon ay patuloy na umuunlad. Habang nanatili ang mga tradisyon, patuloy itong nag-aangkop sa mga pagbabago sa lipunan at kultura. Sa ganitong paraan, inaasahang makatutulong ang pag-aaral na ito sa pagpapalawak ng diskurso hinggil sa panulaang Filipino at sa pagbibigay-halaga sa mga obrang ginawaran ng Palanca—hindi lamang bilang mga piraso ng sining, kundi bilang buhay na patunay ng kasaysayan, damdamin, at diwang Filipino.


DOI: 10.48175/IJARSCT-28447

**Paglalahad ng Suliranin (Anyong Layunin)**

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang matupad ang layuning masusing siyasatin at pag-aralan ang mga piling tula na ginawaran ng Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature mula taong 1964 hanggang 2020. Nilalayon ng pag-aaral na ito na:

Tukuyin at ilista ang mga tulang napabilang at ginawaran sa Palanca Awards sa itinakdang panahon;

Suriin ang mga karaniwang katangian ng mga tulang ito batay sa mga elementong pampanitikan gaya ng:

- 2.1 sukat at tugma,
- 2.2 saknong,
- 2.3 talinghaga,
- 2.4 persona,
- 2.5 tema, at
- 2.6 tono;

Makabuo ng isang akademikong output na maaaring magamit bilang materyales o gabay sa pagtuturo ng panitikan, partikular sa pagsusuri ng tula, alinsunod sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito.

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay nakapaloob ng disenyo, instrumentong ginamit sa pananaliksik at etika o pamamaraan sa pagsusuri ng datos.

**Disenyo**

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng deskriptibong disenyo upang masusing mailarawan ang pagkabuo ng tula mula sa nagwagi sa Don Carlos Palanca Award na mga makata. Ang mga nakalap na tula mula sa mga makata ay susuriin upang malaman ang kaibahan sa panulaan mula 1961-2020.

Ang metodong kwalitatibong disenyo at pagsusuring pangnilalaman, na isang pamamaraan ng pananaliksik na isinasagawa dahil ang pagsusuri ng datos ay ipinapakita nang deskriptibo. Ayon kay Sheman at Webb (1988), ang kwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa kahulugan tulad ng nakikita o natamo ng mga indibidwal sa mga aktwal na konteksto ng lipunan. Isang anyo ng panlipunang pagsusuri na nakatuon sa paraan ng pag-unawa at pagbibigay-kahulugan ng mga tao sa kanilang mga karanasan at sa mundong kanilang ginagalawan. Layunin ng kwalitatibong pananaliksik na tuklasin at unawain ang kahalagahan na itinatangi ng mga tao o grupo sa isang pangyayari sa lipunan o sa tao.

**Kaligiran ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa Surigao Del Norte State University City Campus (SNSU) na isang pampublikong unibersidad. Ang paaralan ay matatagpuan sa Narciso Corner, Magallanes Street, lungsod ng Surigao, Surigao Del Norte kung saan malapit ito sa opisina ng DepEd, sa paaralan ng Surigao del Norte National High School, at Pilot Elementary School.

Malapit din ito sa STI na isang pribadong paaralan sa kolehiyo. Kasunod nito ay establishemento na makikita kung saan doon madalas kumakain ang mga mag – aaral at tambayan tulad ng the Crunch Boneless Fried Chicken, at Eatzone Pizza. Sa katapat ng paaralang ito naman ay Grandstand at Provincial Gymnasium ng Surigao City.

Makikita rin sa harap ng institusyon ang United Church of Christ of the Philippines at karatig na mga establishemento tulad ng bintahan ng bananaque, stall ng mga streetfoods, patahian tulad ng Cebuano's Tailoring, mga kainan tulad ng Crispy King, karenderya tulad ng Jakelou Catering Services, mga barbershop at panaderya tulad ng Fel Bakeshop.

Sa labas naman ng paaralan at bahagi ng imprastraktura nito ay ang mga internet café tulad ng Lasertech at Bryx Internet. Nandiyan rin ang ilan sa mga kagamitan na kakailanganin ng mga mag – aaral tulad ng Supertech Electronics at Ali School Supplies.

Sa loob ng paaralan makikita dito ang iba't ibang opisina ng bawat division. At may sakop na apat na departamento ito ay College of Teacher Education (CTE), College of Technology (COT), College of Engineering and Technology (CEIT), at College of Arts and Sciences (CAS).

IJARSCT


International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

Ang mandato ng paaralan ay magbigay ng mataas na bokasyonal, propesyunal at teknolohikal na pag – aaral at pagsasanay sa larangan ng Edukasyon, Agrikultura, Pangisdaan, Inhinyero, at Siyensiya. Nagsimula ang paaralan bilang Surigao del Norte School of Arts ang Trades (SNSAT) na itinatag sa bisa ng RA 6057 noong Agosto 4, 1969. Pinalitan ng pangalan at naging Surigao State College of Technology (SSCT) matapos ang pagsasanib ng Surigao School of Arts and Trades at Malimono School of Fisheries sa bisa ng RA 8650, na nagiging batas noong Hunyo 5, 1998. At makalipas na taon, noong Hunyo 4, 2013, ang Surigao del Norte State University (SNSU) ay itinatag sa bisa

ng RA 10600 sa pamamagitan ng pagsasama ng Surigao State College of Technology, Siargao National College of Science and Technology, at ng Surigao del Norte College of Agriculture and Technology. At sa wakas noong Hunyo 23, 2022 ay opisyal na naging unibersidad ang Surigao del Norte State University matapos makamit ang mga kinakailangang pamantayan ng Commission on Higher Education (CHED).




**Figyur blg.2.** Mapa ng Surigao Del Norte State University City Campus

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga Panulaang nagwagi sa Don Carlos Palanca Award mula sa mga makata. Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito ay *Eliciting Material* na kung saan ito ang pangunahing instrumento na gagamitin sa pangongolekta ng datos na siyang lunsaran sa pagsusuring pangnilalaman ng mga tula.

Sa pananaliksik ng Panulaan, ang Eliciting Material ay tumutukoy sa mga materyales o mga stimuli na ginagamit upang makapag-elicita o makapagkuha ng mga reaksyon, mga opinyon, o mga impormasyon mula sa mga mambabasa o mga kritiko tungkol sa isang partikular na panulaan. Ang mga materyales na ito ay ginagamit upang makapag-solicit ng mga

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

impormasyon, mga opinyon, o mga reaksyon mula sa mga mambabasa o mga kritiko, at upang makapag-analisa ng mga resulta ng pag-aaral.

Eliciting Material sa pananaliksik ng Panulaan ay may:
Mga tanong tungkol sa mga tema, mga simbolo, o mga karakter sa isang tula.
Mga promp na nagtatanong sa mga mambabasa na magbigay ng kanilang sariling interpretasyon ng isang panulaan.
Mga gawain na nagtatanong sa mga mambabasa na mag-analisa ng mga elemento ng panulaan, tulad ng mga imahen, mga simbolo, o mga tema.
Mga pag-aaral ng mga mambabasa na nagtatanong sa kanilang mga reaksyon sa isang panulaan, tulad ng kanilang mga emosyon, mga pag-iisip, o mga opinion.
Ang Eliciting Material sa pananaliksik ng Panulaan ay mahalaga dahil ito ay nakakatulong sa mga mananaliksik na:
Makapag-elicita ng mga reaksyon o mga opinyon mula sa mga mambabasa o mga kritiko tungkol sa isang panulaan.
Makapag-solicit ng mga impormasyon o mga datos mula sa mga mambabasa o mga kritiko tungkol sa isang panulaan.
Makapag-analisa ng mga resulta ng pag-aaral at makapagbigay ng mga suhestiyon o mga rekomendasyon para sa pag-aaral sa panulaan.

**Etika at Pamaraan sa Pangangalap ng mga Datos**

Ang mananaliksik ang nag-ayos ng disenyo ng pananaliksik at mga kasangkapan na ginamit sa pag-aaral. Humingi ng pahintulot at rekomendasyon mula sa Panel ng pagsusuri. Narito ang mga hakbang kung paano kunin ang datos:
Ang unang hakbang ay ang pagkuha ng datos sa pamamagitan ng paghahanap onlayn ng tula sa mga napiling makata.
Ang ikalawang hakbang ay ang pagbibigay-kahulugan sa nakalap na impormasyon at pagpili ng tula.
Ang huling hakbang ay ang pag-aayos ng mga sistema ng datos na kaugnay sa pag-aaral.
**Content Analysis.** Sa paggamit ng disenyong ito, ayon kina Potter at Galdonez (2022) ay kinakailangan tukuyin ang mga salita at/o nilalaman upang maintindihan ang mga ito sa paraang kontekstuwal.
Ayon kay *Potter* (2022), ang *Content Analysis* ay isang pamamaraan ng pag-aaral na ginagamit upang makapag-analisa ng nilalaman ng mga teksto, larawan, o iba pa. Narito ang mga hakbang ng Content Analysis ayon sa aking pagsusuri:
1. Paghahanap ng mga Tula. Kinuha ang mag tulang nagwagi ng unang gantimpala, pangalawa at pangatlo na siyang susuriin sa bawat taon na hinihingi sa pag-aaral.
2. Pagpili ng Paksa at Pagdedepina ng Layunin. Tinukoy nang malinaw na layunin ng pag-aaral tulad ng pagsusuri sa sukat, tugma, saknong, talinghaga, persona, tema at tono.
3. Pagrepaso at Pag-balideyt. Tiningnan ang pinale sa pagsusuri ng mga Panualaang nagwagi sa Don Carlos Palanca Award Taong 1961-2020 batay sa elementong talinghaga, tema at tono.
4. Pagpapaliwanag ng mga implikasyon. Paliwanagin ang mga implikasyon ng mga resulta at ipakita kung paano ito nakakapagbigay ng mga suhestiyon para sa pag-aaral.
Ang mga hakbang na ito ay ginamit upang makapag-analisa ng nilalaman ng mga teksto, larawan, o iba pang mga medya, at upang makapagbigay ng mga sagot.

**RESULTA AT DISKUSYON**

Sa tsapter na ito ng pag-aaral ay makikita ang mga kasagotan sa mga suliraning nabanggit sa pananaliksik na ito ay inilalahad at tinatalakay dito ayon sa ayos ng pagkakahanay ng mga ito.

**Talahanayan 1.** Mga Tulang napabilang sa Palanca Award mula noong dekada 1961-1990 at ngayon dekada 1991-2020

| Taon | Pamagat ng Tula | Awtor |
|---|---|---|
| 1964 | Alamat ng Pasig | Fernando B. Monleon |
| 1965 | Mga Sugat ng Siglo | Teo S. Baylen |
| 1970 | Alay sa Lahi | Ruben Vega |
| 1971 | Tatlong Awit ng Pagpuksa | Lamberto E. Antonio |

| | | |
|---|---|---|
| 1974 | Ang Metapisika ng Tao | Eduardo Garrovillas |
| 1977 | Sa Pagdalaw ng Pangungulila | Jesus Manuel Santiago |
| 1988 | Babae Akong Namumuhay Mag-isa | Ma.Josephine C. Barrios |

Talahanayan 2. Mga Tulang napabilang sa Palanca Award mula noong dekada 1961-1990 at ngayon dekada 1991-2020

| Taon | Pamagat ng Tula | Awtor |
|---|---|---|
| 1989 | Batanes at Iba Pang Pulo | Tomas F. Agulto |
| 1990 | Baryo | Romulo P. Baquiran |
| 1993 | Ang Lunes na Mahirap Bunuin | Nicolas B. Pichay |
| 1995 | Tinatawag Nila Akong Makata | Vivian N. Limpin |
| 1996 | Lupain ng Kapangyarihan | Rebecca T.Añonuevo |
| 2001 | Mga Lagot na Liwanag | Michael M. Coroza |
| 2006 | Sa Tanda ng Pagsisimula ng Buhay | Rebecca T.Añonuevo |
| 2010 | Engkantado | Allan John Andres |

**Talahanayan 3**. Mga Tulang napabilang sa Palanca Award mula noong dekada 1961-1990 at ngayon dekada 1991-2020

| Taon | Pamagat ng Tula | Awtor |
|---|---|---|
| 2014 | Paglasa sa Pansamantala | Vijae O. Alquisola |
| 2018 | Luna't Lunas | Paul A. Castillo |
| 2019 | Yaong Hindi Maaaring Hawakan nang Buo | Allan John Andres |

Ang Talahanayan 1, 2, at 3 ay nagpapakita ng mga tulang napabilang sa Don Carlos Palanca Award mula noong dekada 1964-2020. Napapaloob dito ang Taon, Pamagat ng Tula at Awtor. Nalaman ng mananaliksik na may iba't ibang mga tula na nakatago at upang mabasa ito ng mga mag-aaral, kaya ginawa ko itong pananaliksik upang maipamulat sa mga mambabasa na mayroon mga magagandang tula sa taong 1964 hanggang 2020. Makikita rin sa talahanayang ito ang mga taon kung kailan nagwagi ang mga tula at ang mga makatang sumulat nito. Malalaman ng mga mag-aaral kung ano ang mayroon sa mga tula sa Don Carlos Palanca Award at gaano kaganda ang mga mensahe nito.

**Talahanayan 4.** Tumutukoy sa akda, sukat, tugma at saknong**.**

| Akda | Sukat | Tugma | Saknong |
|---|---|---|---|
| 1.Alamat ng Pasig | May 12 at 6 na sukat sa bawat taludtod . | May tugma sa bawat saknong | 12 |
| 2.Mga Sugat ng Siglo | May apat na taludtod sa bawat saknong. | May tugmaan. | 12 |
| 3.Alay sa Lahi | May apat na taludtod sa bawat saknong. | May tugmaan. | 4 |
| 4.Tatlong Awit ng Pagpuksa | May apat na taludtod sa bawat saknong. | May tugmaan. | 6 |
| 5.Sa Pagdalaw ng Pangungulila | May apat at anim na sukat sa bawat saknong. | May tugmaan. | 4 |
| **Akda** | **Sukat** | **Tugma** | **Saknong** |
| 6. Ang Metapisika ng Tao | May apat na saknong. | May malayang taludturan. | 4 |
| 7. Babae akong Namumuhay Mag-isa | Malayang taludturan. | May tugmaan. | 1 |
| 8. Batanes at Iba Pang Pulo | May apat na taludtod sa bawat saknong. | Walang tugma. | 5 |
| 9. Baryo | May apat na taludtod sa bawat saknong. | Walang tugma. | 3 |

ISSN: 2581-9429

Volume 5, Issue 1, July 2025

Impact Factor: 7.67

| | | | |
|---|---|---|---|
| 10. Ang Lunes na Mahirap Bunuin | May apat na taludtod sa bawat saknong. | Walang tugma. | 5 |
| **Akda** | **Sukat** | **Tugma** | **Saknong** |
| 11. Tinatawag Nila Akong Makata | May apat na taludtod sa bawat saknong. | May tugmaan. | 8 |
| 12. Lupain ng Kapangyarihan | May apat na taludtod sa bawat saknong. | May tugmang kabilaan. | 3 |
| 13. Mga Lagot na Liwanag | May apat na taludtod sa bawat saknong. | May tugmaan. | 3 |
| 14. Sa Tanda ng Pagsisimula ng Buhay | May apat na taludtod sa bawat saknong. | Walang tugma. | 6 |
| 15. Engkantado | May apat na taludtod sa bawat saknong. | May tugmaan. | 6 |
| **Akda** | **Sukat** | **Tugma** | **Saknong** |
| 16. Paglasa sa Pansamantala | May apat na taludtod sa bawat saknong. | May tugmaan. | 3 |
| 17. Luna't Lunas | Malayang taludturan. | Walang tugma. | 4 |
| 18. Yaong Hindi Maaaring Hawakan nang Buo | May apat na taludtod sa bawat saknong. | May tugmaan. | 7 |

Ang Talahanayan 4 ay naglalaman ng akda, sukat, tugma at saknong. Nagpapakita ng pagsusuri sa tula batay sa elemento na nabanggit. Ipinapakita rito ang may-akda ng mga tula, ang sukat kung ilang taludtod, ang tugma o pagkakatulad ng tunog sa hulihan o kabilaan ng mga taludtod, mayroon din walang tugma at ang bilang ng mga saknong na bumubuo sa tula. Sa mga tulang aking nasusuri ay may bilang na labindalawa(12) saknong, walo, pito, anim, lima, tig-aapat, tatlong saknong at isang malayang taludturan. Sa talahanayang ito, makikita na may labing-walong(18) tula ang sinuri.

**Talahanayan 5.** Tumutukoy sa akda, talinghagang pahayag at uri ng talinghaga.

| Akda | Talinghagang pahayag | Uri ng Talinghaga |
|---|---|---|
| 1. Alamat ng Pasig | Ang "kamataya'y langit" ay isang malalim na pahayag na nag-uugnay sa ideya ng pagkamatay at pag-asa. | Pagwawangis (metaphor) |
| 2. Mga Sugat ng Siglo | Ang "sugat ng lipunan" ay sumasagisag sa mga isyung panlipunan tulad ng kahirapan, diskriminasyon, at kawalan ng katarungan. | Simbolismo |
| 3. Alay sa Lahi | Ang pagbanggit ng "puso't diwa". | Sinekdoke |
| **Akda** | **Talinghagang pahayag** | **Uri ng Talinghaga** |
| 4. Tatlong Awit ng Pagpuksa | Ang "tinig ng kaluluwa at puso". | Personipikasyon |
| 5. Ang Metapisika ng Tao | "ang gaan, ang bigat, ang hapdi, ang kirot at ang sakit ng nabigong pag-ibig" ay naglalarawan ng emosyonal na karanasan ng tao. | Personipikasyon |
| 6. Sa Pagdalaw ng Pangungulila | Ang pagtanong na "Oh, nahan na ikaw" ay nagbibigay ng buhay at damdamin sa mga alaala. | Personipikasyon |
| 7. Babae Akong Namumuhay Mag-isa | Maliit na kalayaang hinahamak ng iba pang pagkapiit at pagkaalipin. | Paradox |
| **Akda** | **Talinghagang pahayag** | **Uri ng Talinghaga** |
| 8. Batanes at Iba Pang Pulo | Ang mga tao ay may mga ngiti, Ang mga mata ay may mga kwento, Ang mga puso ay may mga pag-asa, At ang buhay ay may mga hamon. | Personipikasyon |


DOI: 10.48175/IJARSCT-28447

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

| | | |
|---|---|---|
| 9. Baryo | Sa baryo kong sinilangan, Kung saan ang araw ay sumisikat. | Pagwawangis |
| 10. Ang Lunes na Mahirap Bunuin | Ay tila ba kaluluwa'y ayaw gumising pa. Ang unan at kumot, parang may tanikala, Hila paurong sa araw ng paggawa. | Personipikasyon at Pagwawangis |
| **Akda** | **Talinghagang pahayag** | **Uri ng Talinghaga** |
| 11. Tinatawag Nila Akong Makata | Isang tulang ikaw ang paksa, Isang tulang sayo ay tugma, Ito'y aking sinulat sayo, Mula sa isip at puso ko. | Pagwawangis |
| 12. Lupain ng Kapangyarihan | Ngunit mayroong pag-asa, Sa lupain ng kapangyarihan, Kung saan ang mga tao'y nagkakaisa. | Pagwawangis |
| 13. Mga Lagot na Liwanag | "Ang mga sanga'y naglalakad, ang mga dahon'y nagbibigay ng mga himig ng kalikasan, Na nagpapalakas sa aking loob. | Personipikasyon |
| **Akda** | **Talinghagang pahayag** | **Uri ng Talinghaga** |
| 14. Sa Tanda ng Pagsisimula ng Buhay | Sa mga mata ng umaga, ang pag-asa'y nagpapakita. | Pagwawangis |
| 15. Engkantado | Mga engkantado na may mga kulay, mga engkantado na may mga tunog. Mga engkantado na may mga amoy, mga engkantado na may mga lasa. | Personipikasyon |
| 16. Paglasa sa Pagsamantala | Sa paglipas ng mga sandali, Nakakahanap ng kahulugan Ang aking buhay sa mga Pananahimik ng pag-ibig. | Pagwawangis |
| **Akda** | **Talinghagang pahayag** | **Uri ng Talinghaga** |
| 17. Luna't Lunas | Kahit hindi mga manggagamot, Nireresetahan tayo kung aling tatak ang mabisa Sa iba, kung ilang beses sa isang araw, At gaano kamahal ang bibilhin Basta Malaki mamemenos sa gastos". | Pag-uyam(Irony) |
| 18. Yaong Hindi Maaaring Hawakan nang Buo | Mga bagay na may mga kulay, mga bagay na may mga tunog. Mga bagay na may mga amoy, mga bagay na may mga lasa. | Personipikasyon |

Ang Talahanayan 5 ay nagalalaman ng akda, talinghagang pahayag at uri ng talinghaga. Sa Talinghagang pahayag ay may piling linya mula sa tula na hindi literal ang kahulugan. Gumagamit ito ng tayutay upang magpahiwatig ng ideya, damdamin, kaisipan, karanasan, simbolismo at patalasin ang imahinasyon ng mga mambabasa. Samantala, sa uri ng talinghaga ay mayroon metapora (pagwawangis), simili (pagtutulad), personipikasyon (pagsasatao), eksaherasyon, ironiya at iba pang uri nito.

**Talahanayan 6.** Tumutukoy sa akda, persona, tema at tono

| **Akda** | **Persona** | **Tema** | **Tono** |
|---|---|---|---|
| 1. Alamat ng Pasig | Ikatlong panauhan | Pag-ibig, pagsakripisyo at pag-asa. | Malungkot ngunit puno ng pag-asa. |
| 2.Mga Sugat ng Siglo | Unang panauhan | Pagtitiis ng mga sugat ng Lipunan na dulot ng digmaan, | Malungkot at mapanghusga. |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | kawalan ng katarungan, at iba pang mga salik. | |
| 3. Alay sa Lahi | Unang panauhan | Makabayan | Malambing |
| 4. Tatlong Awit ng Pagpuksa | Unang panauhan | Paghahanap ng katotohanan sa sarili. | Mapagmuni-muni |

| Akda | Persona | Tema | Tono |
|---|---|---|---|
| 5. Sa Pagdalaw ng Pangungulila | Unang panauhan | Ang pagpapahalaga sa pagkakaibigan at sakit ng pangungulila. | Malungkot ngunit mapagbigay-pag-asa. |
| 6. Ang Metapisika ng Tao | Unang panauhan | Paghahanap ng kahulugan sa buhay at pag-iral ng tao. | Malungkot at mapanimdim. |
| 7. Babae Akong Namumuhay Mag-isa | Unang panauhan | Pagpapatibay sa sarili at pagtanggap. | Matapang,mapanuri at pananabik. |
| 8. Batanes at Iba Pang Pulo | Unang panauhan | Pagpapahalaga ng kultura at likas na yaman. | Mapaglarawan. |
| **Akda** | **Persona** | **Tema** | **Tono** |
| 9. Baryo | Unang panauhan | Pagbabago at pagpapanatili. | Mahinahon at mapagmasid. |
| 10. Ang Lunes na Mahirap Bunuin | Unang panauhan | Ang pagsisimula ng linggo at ang mga hamon nito. | Malungkot. |
| 11. Tinatawag Nila Akong Makata | Unang panauhan | Pagpapahalaga sa sining ng pagtula. | Mapagkumbaba. |
| 12. Lupain ng Kapangyarihan | Unang panauhan | Hindi pantay na distribusyon ng kapangyarihan at kayamanan. | Malungkot. |
| 13. Mga Lagot na Liwanag | Iba't ibang panauhan | Paghahanap ng pag-asa. | Mapagmuni-muni. |
| **Akda** | **Persona** | **Tema** | **Tono** |
| 14. Sa Tanda ng Pagsisimula ng Buhay | Unang panauhan | Ang pagsimula ng buhay at ang mga karanasan. | Puno ng pag-asa. |
| 15. Engkantado | Iba't ibang panauhan | Ang paghahanap ng mga pangarap at misteryo ng buhay. | Mahiwaga |
| 16. Paglasa sa Pansamantala | Unang panauhan | Ang paghahanap ng kahulugan sa mga pansamantalang karanasan. | Mahinahon at mapagmuni-muni. |
| 17. Luna't Lunas | Iba't ibang panauhan | May mga panganib na kaakibat. | Mapanuri at mapanlikha. |
| **Akda** | **Persona** | **Tema** | **Tono** |
| 18. Yaong Hindi Maaaring Hawakan nang Buo | Iba't ibang anyo ng buhay. | Paghahanap ng mga bagay na hindi maabot. | Malungkot at mapanimdim. |

Ang talahanayan 6 ay naglalaman ng akda, persona,tema at tono. Sa talahanayang ito, makikita ang persona na maaaring ang nagsasalita ay hindi lang ang makata kundi ito rin ay patungkol sa isang bagay. Sa tema, iba't ibang tema ang bawat tula at sa tono naman ay may iba't ibang emosyon din. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito mas mapadali ang gawain ng mga mag-aaral dahil makikita dito kung paano ginawa ang pagsusuri .

**Buod**

Ang Panulaang nagwagi sa Don Carlos Palanca noon at ngayon ay isang makabuluhang tula upang mapreserba sa mga mag-aaral lalong-lalo na sa mga kabataang Pilipino. Noong dekada 1961 hanggang 1990 ay mas nakatuon sa kolektibong karanasan ng bayan—ang kasaysayan, , na may diin sa nasyonalismo at pananampalataya. Ang mga ito ay karaniwang sumusunod sa tradisyonal na anyo ng tula na may sukat at tugma. May tugma't sukat, karaniwang lalabindalawahin, at malayang taludturan. Samantala, ang mga makabagong tula na nagwagi sa Palanca mula 1991 hanggang 2020 ay nagpapakita ng mas personal at introspektibong pananaw. Gumagamit ang mga makata ng malayang taludturan at eksperimento sa anyo upang ilarawan ang mga kontemporaryong karanasan at isyu. Pareho nilang sinasalamin ang diwa ng kanilang panahon. Ang paggamit ng iba't ibang persona at talinghaga ay nagpapakita ng paglawak ng imahinasyon at pag-unawa ng mga makata sa kasalukuyang panahon. Ang estilong pampanitikan ay naging mas malaya at eksperimento, na nagpapakita ng pag-unlad ng panitikan sa Pilipinas.

**Natuklasan.** Batay sa aking pagsusuri sa mga tulang nagwagi sa Don Carlos Palanca noon at ngayon mula 1961 hanggang 2020, natuklasan sa nasabing pag-aaral ang sumusunod:

Mas malalim ang pagsusuri sa pagkatao, trauma, gunita, pag-ibig, at realidad.

May eksperimental at malaya sa porma ang tula, linyang putol-putol, at mapaglarong saknong, iba't ibang talinghaga, persona, tema at tono ang ginamit sa pagbuo ng tula. May mahigpit na sukat at tugma, karaniwang pormal at may tono ng dangal.

3.Makikita dito ang paghahalo ng tradisyonal at malayang taludturan. Makikita ang pagpapayaman ng simbolismo—halimbawa, ang paggamit ng alamat, metapisika, at mitolohiya upang mas mailarawan ang modernong karanasan ng tao.

**Konklusyon**

Mula sa mga tulang nakalap ay nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Noong dekada 1961 hanggang 1990, nakaangkla ang mga tula sa nasyonalismo, kasaysayan, at kolektibong pakikibaka. Sa makabagong panahon, naging higit na personal, introspektibo, at kontemporaryo ang mga tula, tumutugon sa isyung pampamilya, identidad, kababaihan, migrasyon, teknolohiya, at kung ano ang mga pangyayari ngayon.

Ipinapakita ng lahat ng tulang ito ang sigasig at lalim ng panulaang Filipino—sa kabila ng pagbabago ng tema at iba pang elemento ng tula, nananatiling buhay at makapangyarihan ang panitikan bilang daluyan ng damdamin, kamalayan, at pakikibaka.

Sa kabila ng paglipas ng panahon, laging panatilihin na maging buhay, malikhain, at makapangyarihan ang panulaang Filipino bilang tagapagdala ng damdamin, katotohanan, at pagbabago.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga naging konklusyon para sa pagsusuri na ito, inirerekomenda ang mga sumusunod:

**Sa mga mag-aaral.** Isama at hikayatin na bigyan ng oras ang pagsulat ng tula upang mas mapayaman pa ang ating panitikan bilang salamin ng lipunan kailangan gamitin ang tula bilang midyum upang ipakita ang pagbabagong panlipunan at kultural.

**Sa mga guro sa Filipino**. Iminumungkahi na magsulat ng mga tula at gamitin sa loob ng klase at i-integrate ang mga tulang ito sa kurikulum ng wika, panitikan, at araling panlipunan upang mahubog ang kamalayan ng kabataan sa kasaysayan, kultura, at kontemporaryong isyu sa pamamagitan ng pagsulat ng tula sa malikhaing paraan.

3.**Sa mga Administrador sa paaralan**. I-archibo at i-digitize ang lahat ng Palanca-winning Poems at lumikha ng digital archive o open-access database para sa lahat ng nanalong tula. Layunin nitong mapreserba at maging accessible ang mga tula para sa pananaliksik, pagtuturo, at kasiyahan ng mas maraming mambabasa.

**Pasasalamat**

Lubos na pasasalamat ang ipinapaabot ng mga mananaliksik sa lahat ng tumulong at naging bahagi ng pananaliksik na ito. Sa mga gurong tagapayo na nagbahagi ng kanilang kaalaman at patnubay, sa mga kaibigang sumuporta sa bawat

hakbang ng pag-aaral, at sa Surigao del Norte State University sa pagbibigay ng pagkakataong maisakatuparan ang pananaliksik na ito—maraming salamat po.
Ang proyektong ito ay hindi rin magiging posible kung wala ang inspirasyon mula sa mga makatang Pilipino na patuloy na nagpapayabong sa sining ng tula. Sa lahat ng ito, taos-puso ang aming pasasalamat.

## TALASANGGUNIAN

**[1]** Añonuevo, R.T. (1996). Retrieved from http://www.palancaawards.com.ph/index.php/palanca-awardee/directory-of-palanca-winners
**[2]** Cruz,J.(2002).Bienvenido Lumbera:Ang makata at kritiko.Retrieved from http://www.palancaawards.com.ph/index.php/palanca-awardee/directory-of-palanca-winners
**[3]** J. Neil C. Garcia (2016) The Oxford Handbook of Philippine Literature
**[4]** Ma. Josephine Barrios (1988) "Babae Akong Namumuhay Mag-isa" Source Access: Philippine eLib, Ateneo Rizal Library Archives, UP Diliman Main Library, or CCP Encyclopedia of Philippine Art.
**[5]** Nicolas B. Pichay (1993) "Ang Lunes na Mahirap Bunuin"
**[6]** Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature Official Website: https://www.palancaawards.com.ph
**[7]** Palanca Foundation. List of Past Winners. Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. www.palancaawards.com.ph. Accessed 20 May 2025.
**[8]** PhilNews.ph.
**[9]** Reyes, Soledad S.(2025) Narratives of Note: Studies of Philippine Literatures. De La Salle University Publishing House.
**[10]** Sankoff, D., & Poplack, S. (1984). Borrowing: The Synchrony of Integration: Linguistics 22, 99135.
**[11]** Suico,LenieS.(2016).https://www.scribd.com/document/326482288/l-Pagpapalawak-Ng-Kakayahan-Sa-Pagsusuri-Ng-Maikling-Kwento-at-Tula
**[12]** TUKLAS: UP Libraries' Resource Discovery Tool Copyright © 2020-2021. The University Library, University of the Philippines Diliman